

Buod: Ipinapatupad ng Huling Panuntunan ang Seksyon 1557 ng Affordable Care Act

Ang Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao) ang nagpatupad sa Huling Panuntunan na nagpapatupad sa pagbabawal ng diskriminasyon sa Seksyon 1557 ng Affordable Care Act (ACA, Batas sa Abot-kayang Pangangalaga) ng 2010. Ang Huling Panuntunan, ang *Nondiscrimination in Health Programs and Activities* (Kawalan ng Diskriminasyon sa Mga Programa at Aktibidad na Pangkalusugan), ay tutulong sa pagsusulong ng pagiging patas at paglaban sa diskriminasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng pagprotekta sa ilan sa mga populasyong pinakanakakaranas ng diskriminasyon sa konteksto ng pangangalang pangkalusugan. Ipinapaliwanag ng huling panuntunan ang mga karapatan ng mga consumer sa ilalim ng batas, at ipinapaalam nito sa mga sinasaklaw na entity ang mahahalagang bagay tungkol sa mga obligasyon ng mga ito.

Ipinagbabawal ng Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa ilang partikular na programa at aktibidad na pangkalusugan.

Ibinatay ang Seksyon 1557 sa mga pamilyar at matagal nang umiiral na batas sa mga karapatang sibil ng Pederal: Titulo VI ng Civil Rights Act (Batas sa Mga Karapatang Sibil) ng 1964 (Titulo VI), Titulo IX ng Education Amendments (Mga Pagbabago sa Edukasyon) ng 1972 (Titulo IX), Seksyon 504 ng Rehabilitation Act (Batas sa Rehabilitasyon) ng 1973 (Seksyon 504) at Age Discrimination Act (Batas laban sa Diskriminasyon sa Edad) ng 1975 (Age Act, Batas sa Edad). Sa partikular, ang Seksyon 1557 ay ang unang batas sa mga karapatang sibil ng Pederal na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa kasarian sa lahat ng programa at aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa Pederal.

Nagkaroon ng bisa ang Seksyon 1557 mula nang isabatas ang ACA noong 2010, at ipinapatupad na ng Office for Civil Rights (OCR, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil) ng HHS ang probisyon mula nang isabatas ito.

Saklaw ng Panuntunan

Sinasaklaw ng panuntunan ang:

- Anumang programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pondo mula sa HHS (gaya ng mga ospital na tumatanggap ng Medicare o mga doktor na tumatanggap ng Medicaid);
- Anumang programang pangkalusugan na ipinapatupad mismo ng HHS;
- Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga issuer na kasali sa Mga Marketplace na iyon.

Mga proteksyon sa panuntunan

Ibinatay ang Seksyon 1557 sa mga dati nang batas sa mga karapatang sibil ng Pederal na nagbabawal sa sekswal na diskriminasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Iniaatas ng huling panuntunan na maging patas ang pakikitungo sa mga babae at lalaki pagdating sa natatanggap nilang pangangalagang pangkalusugan, at ipinagbabawal din nito ang pagtanggap sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o saklaw na pangkalusugan dahil sa kasarian ng isang indibidwal, kasama ang diskriminasyon batay sa pagbubuntis, sekswal na pagkakakilanlan at mga stereotype ng isang kasarian. Inaatasan din ng huling panuntunan ang mga sinasaklaw na programa at aktibidad na pangkalusugan na pakitunguhan ang mga indibidwal nang naaayon sa kanilang sekswal na pagkakakilanlan.

Para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, inaatasan ng huling panuntunan ang mga sinasaklaw na entity na gawing accessible ang lahat ng programa at aktibidad na ibinibigay ng mga ito sa electronic na paraan o sa pamamagitan ng information technology; na tiyaking aktwal na naa-access ang mga bagong tayo o na-renovate na gusali at pasilidad; at na mabibigyan ang mga indibidwal na may mga kapansanan ng naaangkop na dagdag na tulong at serbisyo. Pinagbabawalan din ang mga sinasaklaw na entity na gumamit ng mga kasanayan sa marketing o benefit design (disenyo ng mga benepisyo) na may diskriminasyon batay sa kapansanan at iba pang mga ipinagbabawal na batayan.

Dapat magsagawa ang mga sinasaklaw na entity ng mga makatuwirang hakbang upang mabigyan ng sapat na access ang bawat indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles na kwalipikadong pagserbisyuhan ng mga ito o na may malaking tsansang makaugnayan sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan ng mga ito. Bukod pa rito, hinihikayat din ang mga sinasaklaw na entity na gumawa at magpatupad ng isang plano sa pag-access ng wika.

Walang pagbubukod sa relihiyon ang huling panuntunan sa Seksyon 1557; gayunpaman, ang huling panuntunan ay hindi isang panghalili para sa mga kasalukuyang proteksyon para sa kalayaan sa relihiyon at moralidad.

Mga Kinakailangan sa Pamamaraan

Inaatasan ng huling panuntunan na nagpapatupad sa Seksyon 1557 ang mga sinasaklaw na entity na may 15 o higit pang mga empleyado na magkaroon ng isang pamamaraan sa karaingan at isang coordinator sa pagsunod. Makakakita sa huling panuntunan ng isang Appendix na may isang halimbawa ng pamamaraan sa karaingan para sa mga sinasaklaw na entity. Ang mga entity na wala pang 15 ang mga empleyado ay hindi inaatasang magkaroon ng isang pamamaraan sa karaingan o coordinator sa pagsunod.

Inaatasan ng huling panuntunan ang mga sinasaklaw na entity na magpaskil ng mga abiso laban sa diskriminasyon at mga tagline na nagbibigay-alam sa mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles ng tungkol sa availability ng mga serbisyo para sa tulong sa wika. Upang hindi mahirapan ang mga naturang entity at mabawasan ang mga gastusin ng mga ito, nagsalin ang OCR ng isang halimbawa ng abiso at mga tagline na gagamitin ng mga sinasaklaw na entity sa 64 na wika. Upang makakuha ng mga nakasaling materyales, bisitahin ang www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557/translated-resources/index.html.

Inaatasan ng huling panuntunan ang bawat sinasaklaw na entity na magpaskil ng mga tagline na nakasulat sa kahit 15 wika lang na hindi Ingles na pinakaginagamit sa Estado kung saan makikita o nagnenegosyo ang entity. Iniaangkop ang mga kinakailangang iyon para sa maliliit na paraan ng pakikipag-ugnayan gaya ng mga postcard; para sa mga ito, inaatasan ng huling panuntunan ang mga entity na magpaskil ng isang pahayag laban sa diskriminasyon at mga tagline na nakasulat sa kahit dalawang wika lang na hindi Ingles na pinakaginagamit ng mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles sa Estado.

Pagpapatupad

Ang mga kasalukuyang paraan ng pagpapatupad sa Titulo VI, Titulo IX, Seksyon 504 at Age Act ay nalalapat sa pagwawasto ng mga paglabag sa Seksyon 1557. Kasama sa mga paraang ito ang: pag-aatas sa mga sinasaklaw na entity na magtago ng mga tala at magsumite ng mga ulat ng pagsunod sa OCR, pagsasagawa ng mga pagsusuri para sa pagsunod at pagsisiyasat ng mga reklamo, at pagbibigay ng teknikal na tulong at gabay.

Kung hindi maiwawasto ang isang hindi pagsunod o inaasahang hindi pagsunod sa anumang hindi pormal na paraan, mapapabilang sa mga available na paraan ng pagpapatupad ang pagsuspinde, pagwawakas o pagtanggap magbigay ng grant o magpatuloy sa pagtanggap ng pinansyal na tulong mula sa Pederal; referral sa Department of Justice (Kagawaran ng Katarungan) na may rekomendasyon na tugunan sa mga paglilitis ang anumang mga karapatan ng Estados Unidos; at iba pang paraang pinahihintulutan ng batas. Kinikilala rin ng huling panuntunan na maaaring magsampa ng kaso ang isang indibidwal upang kwestyunin ang isang paglabag sa Seksyon 1557.

Mga Tugon sa Mga Komento sa Panukalang Panuntunan na Ipinapakita sa Huling Panuntunan

- Diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon: Kung hindi mareresolba ng huling panuntunan kung isang uri ng sekswal na diskriminasyon sa Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon ng isang indibidwal, malinaw na nakasaad sa panuntunan na susuriin ng OCR ang mga reklamo laban sa pinaghihinalaang sekswal na diskriminasyon na nauugnay sa sekswal na oryentasyon ng naturang indibidwal upang malaman kung nauugnay ang mga ito sa mga stereotype na maaaring tugunan ng Seksyon 1557. Alinsunod sa patakaran, sinusuportahan ng HHS ang pagbabawal sa diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon, at patuloy nitong susubaybayan ang mga legal na hakbang kaugnay ng isyung ito.

- Walang bagong pagbubukod sa relihiyon: Humingi ng opinyon ang panukalang panuntunan kung dapat bang magkaroon ng pagbubukod para sa mga panrelihiyong organisasyon sa mga pagkakataon na nagkakaproblema sa pagitan ng mga obligasyon laban sa diskriminasyon at mga paniniwalang batay sa relihiyon. Gaya ng nakasaad sa itaas, ang huling panuntunan sa Seksyon 1557 ay walang pagbubukod sa relihiyon; gayunpaman, ang huling panuntunan ay hindi isang panghalili para sa mga kasalukuyang proteksyon para sa kalayaan sa relihiyon at moralidad.
- Benefit design (disenyo ng benepisyo) sa mga plano sa saklaw na pangkalusugan: Nakatanggap ang OCR ng mga komento na kakailanganin ng mga issuer ng panahon upang masunod ang kinakailangang nagbabawal sa diskriminasyon sa benefit design. Ayon sa nakasaad sa huling panuntunan, kung magkakaroon ng mga probisyon sa naturang panuntunan, na mangangailangan ng mga pagbabago sa insurance na pangkalusugan o pangkatang benefit design ng planong pangkalusugan, malalapat ang mga naturang probisyon sa unang araw ng unang taon ng plano (sa indibidwal na market, taon ng patakaran), na magsisimula sa mismong araw o pagkalipas ng Enero 1, 2017.
- Mga reklamo laban sa Mga Third-Party Administrator (TPA, Third Party na Tagapangasiwa): Ayon sa panukalang panuntunan, kapag may entity na kumilos bilang TPA ng isang planong pangkalusugan, magsasagawa ng pagsusuri ang OCR upang matukoy ang saklaw sa Seksyon 1557. Nakasaad sa huling panuntunan na sisiyasatin ng OCR ang TPA kapag nakita nito ang pinaghihinalaang diskriminasyon sa pagpapatupad ng plano; kapag nakita ang pinaghihinalaang diskriminasyon sa benefit design, ipoproseso ng OCR ang reklamo laban sa employer/tagapagtaguyod ng plano, at isasangguni nito ang usapin sa Equal Employment Opportunity Commission (EEOC, Komite para sa Patas na Oportunidad sa Trabaho) kung walang hurisdiksyon ang OCR sa employer.
- Mga pamantayan ng mga programa para sa iisang kasarian: Humingi ng opinyon ang panukalang panuntunan kaugnay ng pamantayan para sa pagsusuri ng mga programang pangkalusugan para sa iisang kasarian. Pahihintulutan lang ng huling panuntunan ang mga programang ito kapag napatunayan ng sinasaklaw na entity na lubos na kinakailangan ang mga ito.
- Access sa wika: Hinihikayat ang mga sinasaklaw na entity na gumawa ng isang plano sa pag-access ng wika.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 1557, kasama ang mga sheet ng impormasyon tungkol sa mahahalagang probisyon at madalas itanong, bisitahin ang <http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557>.